Efa

Isaias 60
May Pagpupursigeng Panalangin




Jerusalem, ang mga kamelyo at mga batang kamelyo ng Efa
ay lulukob sa iyo.

Ilapit Mo sa Iyo ang mga tao ng Efa, Panginoon!

Day 1
Efa – Pumailanglang at Magningning

“Lulukuban ka ng maraming kamelyo, ng mga batang kamelyo ng Midian at Efa…”
Isaias 60:6

Nakadokumento ang Efa sa sinaunang mga mapagkukunang tala tungkol sa Asiria bilang isa sa mga bansang pinananahanan “sa malayong Arabia, sa disyerto…” at “tinatahanan ang hangganan ng mga bansa kung saan lumulubog ang araw.” Ang Efa ay nauugnay sa Midian, ang kaniyang ama, kabilang ang teritoryo ng hilagang-kanlurang Arabia. Bilang isa sa mga anak ni Midian, malamang na nagkaroon din ng malaking impluwensya si Efa sa mga sinaunang ruta ng caravan hanggang sa kabilang ibayo ng Arabian Peninsula (hal., Genesis. 37:25, 28, 36).





Ephah Camel Restaurant, Abha

Nitong nakalipas na mga dekada, iginiit ng ilang mapagkukunang tala tungkol sa mga Arabe na ang lunsod ng Abha sa timog-kanlurang Saudi Arabia ay dating tinatawag na ’Aifa (Efa). Sinasabing ito ang “lugar kung saan dinala ng mga kamelyo ang mga regalo ng Reyna ng Seba kay Solomon.” Karaniwang makakakita ng mga restaurant, cafe, at iba pang pagnenegosyo sa Abha na may karatulang 'Aifa’.

Ang kilalang tribong Qaḥṭān ng Saudi Arabia ay may dalawang subtribes na tinatawag na Āl ʿĪfah (Efa) na matatagpuang malapit sa Abha. Posible na ang mga subtribe na ito ay nauugnay sa Efa (na matatagpuan) sa Biblia. Mayroon ding isang nayon na pinangalanang

Efa (na nauugnay sa mga grupong ito ng Qaḥṭān) na matatagpuang malapit sa archaeological site ng al-Ḥarajah, na kilala bilang isang rest stop o pahingahan ng isa sa mga sinaunang ruta ng caravan.

Hinamon ng ilang iskolar ng Saudi ang lalong nagiging bantog na pagsasamahan ng Efa at Abha dahil sa kakulangan ng ebidensya at mga mapagkukunang tala na pangkasaysayan. Bagama't ang kaugnayan nito sa Efa ay nananatiling hindi tiyak, ang Abha at ang mga nasa paligid na bahagi ng ʿrehiyon na Asir’ ay magsisilbing pokus para sa ating mga panalangin sa ngalan ng Efa na matatagpuan sa Isaias 60:6.

Mga Puntong Ipananalangin

- Idalangin natin na ihayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa mga anak ni Efa sa isang pambihirang kaparaanan, at ang maluwalhating liwanag ni Cristo ay magliliwanag at siyang mananaig sa kadiliman (Juan 1:5).
- Ipanalangin natin ang kaibig-ibig na mga tao ng Abha at ang rehiyon ng ‘Asir ng Saudi Arabia, na sila ay kaagad tumugon sa paghahayag ng Diyos sa isang kaparaanang hindi pa nagagawa o nangyayari.
- Idalangin na maitaas o ituon ng mga pamilya ang puso nila sa Diyos upang purihin Siya.
- Idalangin na maliwanagan ang mga taong ito para kay Cristo (Mateo 5:16), at sila ay maging mga anak sa kaliwanagan (Efeso 5:8-11).



Day 2
Efa – Isang Mahalagang Pagpaparangal o Pagdakila



Sa Isaias 60, inilalarawan ang mga bansa ng Midian at Efa na may malawak na kawan ng mga kamelyo. Sa sinaunang Arabia, ang mga kamelyo ay kumakatawan sa pagpaparangal o pagdakila, pakikidigma, paglalakbay sa banal na lugar, pagtitiis, at kayamanan, bukod sa iba pang mga bagay. Ang aming dalangin ay tuparin at tubusin na ng Panginoon ang lahat ng mga bagay na ito para sa mga taong Arabe para sa Kanyang kaluwalhatian.

- Pagpaparangal o Pagdakila – katapatan, pagsusuko ng lahat kay Cristo (Awit 2:12)
- Digmaan – pakikibaka sa mga kapangyarihan ng dilim/ o kadiliman na nasa mundong ito (1 Timoteo 6:12)
- Pilgrimage – isang may pananampalatayang paglalakbay (Awit 37:23-24)
- Pagbabata – pagtitiis sa pag-uusig at hirap; pagsasakripisyo (Roma 2:7,5:3, Hebreo 10:36)
- Kayamanan – naghahanap ng mga bagay na pangwalang-hanggan, nagdadala ng mga kaloob (Galacia 6:2, Roma 8:18, Mateo 6:21, 33, Mateo 13:44)



Ang Efa sa Arabe ay maaaring tumukoy sa pinakamahusay na mga kamelyo o anumang ari-arian na may pinakamahusay na kalidad. Ang mga kamelyo sa Isaias 60 ay kumakatawan sa pinakamagandang maiaalok ng Arabia. Ang mga kamelyo ng Efa ay sumisimbolo sa isang mahalagang pagpaparangal o pagdakila na inihahatid o iniaalay kay Cristo. Sa sinaunang kasaysayan, karamihan sa mga pang-Arabeng pagpaparangal o pagdakila ay kasama ang mga kamelyo. Sa katunayan, sinasabi sa atin na ang Efa (tinukoy bilang Haiappa sa mga sinaunang mapagkukunan ng tala) ay nagdala ng mga kamelyo sa hari ng Asiria noong ika-8 siglo BC bilang pagpaparangal, may kasamang ginto, pilak, mga halamang gamot, at mga pampalasa.

Ang mga anak ng Midian, na kilala sa minsang paggamit ng karamihan sa kanilang mga kamelyo sa pandarambong (Mga Hukom 6:5, 7:12), ay inilalarawan ang kanilang pagpaparangal o pagdakila kay Cristong Hari sa pamamagitan ng pagdadala ng kanilang mga kamelyo (Isaias 60:6).

Itinala ng hari ng Asirya na si Tiglath-Pilesar III na ang Efa at ang iba pang mga tribong Arabe ay naghatid ng “kanilang pagdakila na nagkakaisa; [at hinalikan nila] ang aking mga paa,”

walang alinlangang dahil sa takot bilang nagapi na mga sakop. Ngayon, ang Efa at ang mga bansang Arabe ay dumating "bilang isa" na may mga pusong nananampalataya upang halikan ang walang hanggang Hari" (Awit 2:12, Isaias 60:13b-14).

Binanggit din ang Efa sa iba pang mga mapagkukunan ng tala tungkol sa Asiria bilang isang bayan "na hindi kumikilala sa tagapangasiwa o kumander, na hindi kailanman nagbigay ng pagpaparangal o pagdakila sa sinumang hari…" Sa kabaligtaran, mababasa natin sa Isaias, "Aking gagawing payapa o tiwasay ang iyong mga tagapangasiwa at makatuwiran ang iyong mga tagapagpaatas" (Isaias 60:17).

Kargado ng mga mamahaling regalo ang mga kamelyo ng mga caravan ng Arabia. Ang mga mahahalagang bagay na ito ay isang malaking pasanin at ang paghahatid ng mga kalakal sa kabilang ibayo ng malawak na disyerto ng Arabia ay kumakatawan sa panganib at sakripisyo. Kasama sa mga panganib ang matinding init at uhaw, naglalaban-labang mga tribo, at mga tulisan na naghihintay na makapanambang. Kung ang caravan ay makarating sa nilalayong destinasyon, nagiging napakalaking napagkukunan ng karangyaan at kayamanan ang mga kalakal. May panganib man sa kanilang buhay nagdadala ng mga regalo ang mga Arabe dahil lamang sa kanilang nakikini-kinita ang kaginhawahang nakalaan para sa kanila. Sumulat si Pablo: "Hanapin ang mga bagay na nasa itaas, kung saan naroroon si Cristo, na nakaupo sa kanan ng Diyos. Ilagak ninyo ang inyong pag-iisip sa mga bagay na nasa itaas, hindi sa mga bagay na nasa lupa" (Colosas 3:1).

Kadalasang may kasamang sakripisyo ang mga regalo at maaari lamang ipagkaloob sa malaking halaga. Inilalarawan dito ang Midian at Efa bilang nagdadala ng mga regalo mula sa Seba, at nakatitiyak na kailangan ang sakripisyo para sa malaking gastos sa paglalakbay. Kung mawala ang kanilang mga disposisyon sa tiwangwang na disyerto at hindi makita ang susunod na balon, mamamatay sila sa uhaw. Ang tanging pag-asa nila para sa ligtas na pagdating ay ang manatili sa landas kung saan makakahanap sila ng mga balon na makapagbibigay ng pamatid-uhaw at mga lungsod kung saan makapagpapahinga sila (hal., Juan 4:10, Mateo 7:13-14, Marcos 1:1-4).

Mga Puntong Ipananalangin

- Idalangin na magkaroon ng kaalaman tungkol sa kaligtasan at tanggapin si Jesus bilang kanilang Tagapagligtas at Hari na pinipiling lumapit at yumukod sa Hari.
- Idalangin na ang mga tao sa Arabia ay mag-alay ng ng isang pananampalatayang walang katulad sa pagpupugay o pagpaparangal, at dalhin nila ang pinakamainam kay Cristo (Psalm 2:12, Isaiah 60:13b-14).
- Idalangin na protektahan ng Panginoon ang mga mananampalataya laban sa espirituwal na pakikipagbaka, na sandatahan nila ang kanilang sarili para sa pakikipagdigma, at pagtiisan ang mga pagsubok at pag-uusig (Efeso 6:10-18).
- Idalangin ang Malawakang Pagtitipon sa Isaias 60 (Isaias 43:5,60:4), para sa isang walang kapantay na paglago ng iglesia sa Efa. Idalangin ang espiritu ng kaisahan, katatagan, at para sa pagpapalakasan ng loob sa isa't isa (John 17:20-23).

Day 3
Efa—Bawat salinlahi, bawat pamilya

Parehong binabanggit sa Isaias 60 ang “isang pulutong ng mga kamelyo” at “mga batang kamelyo ng Midian at Efa.” Ipinapaalala ng mga batang kamelyo ng Midian at Efa sa atin na ipanalangin ang mga kabataan sa Arabia. Idalangin natin na ang bawat henerasyon ay lumapit kay Cristo, na may dalang mga regalo sa Hari.

Inilalarawan ang isang gaya ng “ulap” na wari’y kalapati na humahapon sa “mga pugad na nasa bintana” (Isaias 60:8). Mula sa mga pugad na ito ay maiisip o magugunita natin ngayon ang Ebanghelyo na lumalaganap sa pamamagitan ng mga pamilya at tribo.

Mababasa rin natin sa talata 4: “Ang iyong mga anak na lalaki ay magmumula sa malayo, at ang iyong mga anak na babae ay nakasaklang sa balakang.” Tulad ito sa Isaiah 49:22, isang parallel passage ng Isaias 60, mababasa natin, “kanilang papangkuhin ang iyong mga anak na lalaki, at ang iyong mga anak na babae ay kanilang papasanin.”



“Tinawag ng Diyos” ang kahulugan ng pangalan ni Elda na kapatid na lalaki ni Efa sa Hebreo at Arabic. Ipinapaalala sa atin na tinatawag ng Diyos ang mga indibiduwal, pamilya, at tribo sa kanilang pangalan (Isaias 43:1). Sa Isaias 49, makikita natin na tinatawag ng Diyos ang mga bansa, na sinenyasan silang pasulong ng kanyang sariling kamay: “… ang aking mga lansangan ay itataas… Narito, aking itataas o itutuon ang aking kamay sa mga bansa, at itataas o itutuon ko ang aking hudyat sa mga bayan; at kanilang papangkuhin ang iyong mga anak na lalaki, at ang iyong mga anak na babae ay papasanin” (Isaias 49:11,22).

Pinalalapit ang mga anak na lalaki at babae tulad ng mga tupa kay Cristo. Idalangin natin na

magkaloob ng mga pastor at pastol ang Diyos upang mapagpakumbabang maglingkod sa iglesiang ito, at mapagmahal na pangalagaan naman ng mga espirituwal na ina at ama ang kawang ito.

Mga Puntong Ipananalangin

- Idalangin na patuloy na tumawag ng mga tao ang Panginoon sa Efa, na ihayag ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng mga panaginip, mga pangitain, mga tanda, at mga kababalaghan.
- Idalangin na tumugon ang bawat henerasyon sa Arabia sa tawag ng Panginoon at lumapit kay Cristo, kapwa bata at matanda, lalaki at babae, at sama-samang sambahin ng mga pamilya si Cristo, pinapatalas at hinihikayat ang isa't isa.



- Idalangin na magparami ang Panginoon ng mga pastor at pastol, mga pinunong nagmamahal at nagmamalasakit sa mga tupa, na tutulong sa pag-agapay sa kanila kapag kakaunti na lang ang natitira nilang lakas.
- Idalangin din natin ang mga pangunahing tribo ng rehiyon ng Ásir, na tawagan at tawagin sila ng Diyos gamit ang Kaniyang sariling kamay. Pumili ng isa sa mga partikular na tribong ito upang maipanalangin ngayon:
    - Ang tribong Qahtān ng Saudi Arabia, na ipinangalan sa isa sa mga ninuno ni Abraham (Joktan; Genesis 10:25). Idalangin na maipakita nila ang pananampalataya ng kanilang amang si Abraham.
    - Ang tribong ‘Asir
    - Ang tribong Shahrān
    - Ang tribong Bilahmar
    - Ang tribong Bilasmar

Day 4
Efa –
Pinalaya at malaya, naglalayag tulad ng malalaking ulap na wari'y mga kalapati

Napakahalaga ng mga pangalan sa Semitic na mundo, may malawak na hanay ng mga kahulugan kung minsan. Maraming katawagan ang Efa na may iba't ibang kahulugan sa kapuwa Hebreo at Arabic. Halimbawa, ang katawagan sa wikang Hebreo ay may katumbas na mga kahulugan para sa kapuwa pagkakaroon ng liwanag at pagsapit ng dilim (bukod sa iba pang mga kahulugan). Sa Job 11:17, mababasa natin, "sisikat o magliliwanag ka, ikaw ay magiging gaya ng umaga."

Kasabay nito, ang Efa sa Hebreo ay maaari ring mangahulugang lumipad. Ang parehong salitang-ugat ay matatagpuan lamang sa dalawang talata pagkatapos na maipakilala ang pangalan sa Isaias 60: "Sino itong mga lumilipad [עוף ephaḥ] na parang mga ulap, gaya ng mga kalapati patungo sa kanilang mga pugad [o mga bintana]" (Isaias 60:8)?

Kasama ng mga kawan ng mga kamelyo na tila tumatakip sa lupain, ipininta ng Diyos ang larawan ng di-mabilang na mga tao mula sa Peninsula ng Arabia na lumalapit kay Cristo, na hindi mabilang gaya ng mga kawan ng mga ibon na "tulad ng mga ulap," na pinalaya sa pamamagitan ni Cristo.




Sa Awit 55:6, mababasa natin, "Oh kung mayroon akong mga pakpak na parang kalapati! sapagka't kung magkagayo'y lilipad ako (efa).

Ang pangalang Abha ay nangangahulugang pinakamaliwanag o pinakamaningning, na nagpapaalala sa makahulugang mga salita ni Isaias, "Bumangon ka, sumikat ka, sapagkat ang

iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay sumikat sa iyo" (Isaias 60:1). Ang pinakamataas sa hanay ng bundok sa Saudi Arabia, ang Jabal as-Sawdah (bundok ng kadiliman), ay isang bantog na destinasyon ng turista sa Abha. Ipinaalala sa atin ni Jabal as-Sawdah na "tatakpan ng kadiliman ang sangkalupaan, at ng pusikit na dilim ang mga tao" (Isaias 60:2). Higit pa rito, ang pinakamataas na taluktok ng bulubunduking ito ay tinatawag na Jabal Tahallal (bundok ng papuri, kagalakan, kadakilaan, kaningningan). Ang salitang Arabe na tahallal ay nauugnay sa salitang Hebreo para sa pagpupuri o papuri (tehillāh) sa Isaias 60:5-6 "pagkatapos ay makikita mo at magliliwanag; ang iyong puso ay manginginig at magagalak…at magdadala ng mabuting balita, ang mga papuri sa Panginoon…"

Ang Abha, ang pinakamakinang at pinakamaningning at ang mas malawak na rehiyon ng 'Asir ay kilala sa minanang kasiglahan at pagiging makulay, nagpapaalaala na ni Cristo ang nagbibigay-buhay na liwanag sa gitna ng mundong puno ng kadiliman o kasalanan.



Mga Puntong Ipananalangin

Manalangin para sa kalayaan at pagpapalaya mula sa:

- Pamatok ng pagkaalipin: legalismo ng relihiyon at pagkaalipin ng Islam (Galacia 5:1).
- Makasalanang buhay, kamatayan, at kadiliman (Roma 8:2, Isaias 61:1).
- Espiritu ng takot (Awit 27:1, Awit 34:4,

Manalangin para sa kalayaan at paglaya na:

- Sundin si Jesus nang buong puso, mamuhay bilang Kanyang mga anak sa Kanyang kaluwalhatian at presensya (Roma 8:21, 2 Corinthians 3:17).
- Lumakad na may pagsunod at may kabanalan (Awit 119:45, Roma 6:22).
- Paglingkuran ang isa't isa nang may pag-ibig at kababaang-loob (Galacia 5:13).
- Mamuhay sa pamamagitan ng Espiritu ng katuwiran at katotohanan, at ayon sa mga bunga ng Espiritu (Galacia 5:22-25, Roma 6:18, Juan 8:32).

Manalangin para sa isang malawakang pagpaparami ng paghaharian ng Diyos:

- Upang ang bansang Efa ay lumapit kay Cristo tulad ng tila malalaking ulap na wari'y mga kalapati (Isaias 60:8, Mga Gawa 12:24).
- Ipanalangin na ang pangako ng Diyos kay Abraham (lolo ni Efa) ay maluwalhating matupad sa pamamagitan ni Cristo sa Peninsula ng Arabia (Genesis 22:17).

Day 5

Efa – Uhaw sa katuwiran sa pagod na lupain



Bilang karagdagan sa iba pang mga kahulugang ipinakita kanina [hal., nagniningning (sa kadiliman), ang pinakamahusay (ng mga pagpupugay), at lumilipad (libre)], ang Efa ay nangangahulugan din ng pagiging mahina, napapagod, o nauuhaw.

> "O Diyos, ikaw ang aking Diyos; taimtim kitang hinahanap; ang aking kaluluwa ay nauuhaw sa iyo; ang aking laman ay nanglulupaypay para sa iyo, gaya sa isang tuyo at pagod na lupain na walang tubig" (Awit 63:1).
>
> "Tulad ng malamig na tubig sa isang nauuhaw na kaluluwa, gayon ang mabuting balita mula sa malayong lupain" (Kawikaan 25:25).

Tunay na ang mga tunay na nauuhaw ay tunay na masisiyahan sa Kanya!

Ang mahahalagang paninda ng Arabia ay hindi karaniwang inilululan sa iisang kamelyo. Ang malalaking grupo ay nagpadama ng pagkakaisa, paghihikayat at pakikisama, sama-samang karunungan, pagbabahagi ng mga mapagkukunan, at kaligtasan. Ipinropesiya ni Isaias ang pagkakasundo at pagkakaisang ito nang sabihin niyang, "Silang lahat ay nakakatipon, sila'y nagsisilapit sa iyo" (Isaias 60:4). Idalangin natin ang diwa ng pagkakaisa sa Iglesia ng Arabia o Simbahan sa Arabia, na ang mga pamilya at tribo ay magtipon at maglakbay nang sama-

sama na may pananampalataya, at sila ang maging katawan ni Cristo. Magkasama-sama nawa ang mga anak ng Efa sa harapan ng Panginoong Jesus.

Mga Puntong Ipananalangin

- Tayo'y tumawag sa Panginoon para sa mga uhaw na kaluluwa sa isang tuyo at pagod na lupain. Idalangin natin na ang mga tao sa bansang Efa ay magkaroon ng walang sawang pagkauhaw sa tubig na buhay na tanging si Jesus ang nakapagbibigay.
- Idalangin na mawalan nang lubos na kasiyahan sa mga sirang balon ng Islam, na mabuksan ang mga mata ng mga mananampalataya at mabatid na isang malikmata ang anumang mapanlinlang na huwad na pag-asa na hindi matatagpuan kay Cristo (Jeremias 2:13.
- Manalangin para sa isang walang katulad na espiritu ng pagsisisi, na ang mga tao ng Efa ay magpakumbaba sa harapan ng Diyos (2 Cronica 7:14).
- Idalangin na paginhawahin, palakasin, at pasiglahin ng Panginoon ang mga naninirahan sa pisikal at espirituwal na tiwangwang mga lupain (Awit 63:1, 143:6, Kawikaan 25:25, Jeremias 31:25).

Sa paglalagom ng mga araw 1-5, isinasamo natin sa Panginoon na ang bansang Efa ay:

1. Magningning sa liwanag ni Cristo.
2. Mag-alay ng parangal o pagdakila sa Hari.
3. Lumapit bilang mga pamilya at tribo sa Ama.
4. Danasin o lasapin ang pagiging malaya kay Cristo.
5. Magkaroon ng pagkauhaw sa katuwiran

Salamat sa pananalangin o pag-usal ng mga dalangin para sa Efa! Pagpalain ka nawa ng Diyos sa pananalangin para sa mga taong ito na mahal na mahal ng Diyos. Nawa'y mabatid ng mga ipinalangin natin kung bakit natin sila ipinananalangin: "Sapagka't ang lahat ng ito ay alang-alang sa inyo, upang habang ang biyaya ay lumaganap sa parami nang paraming mga tao, ito ay lalong maipagpapasalamat, sa ikaluluwalhati ng Diyos." (2 Corinto 4:15 ESV).

